# Mahalagang impormasyon tungkol sa mga paparating na pagbabago sa pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng Programa para sa Paninirahan na pinopondohan ng IRCC

## Ano ang magbabago?

Sa Abril 1, 2026, magbabago ang tagal ng panahon kung kailan puwedeng ma-access ng mga imigranteng nasa economic class ang mga serbisyo ng paninirahan. Magiging kwalipikado ang mga imigranteng nasa economic class para sa mga serbisyo ng paninirahan na pinopondohan ng IRCC sa loob ng anim na taon simula sa petsa kung kailan sila naging permanenteng residente (o hanggang sa maging mamamayan sila ng Canada, kung ito ang maunang mangyayari). Nalalapat ang pagbabagong ito sa mga permanenteng residente sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Kung isa kang imigranteng nasa economic class at naging permanenteng residente ka noong o bago ang Abril 1, 2020, matatapos sa Abril 1, 2026 ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng Programa para sa Paninirahan.

## Saankomakikitaangpetsakungkailanakonagingpermanentengresidente?

Makikita mo ang petsang ito sa iyong dokumento ng Kumpirmasyon ng Permanenteng Paninirahan sa seksyong Mga Personal na Detalye, “Naging P.R. noong”

## Sinoangmaaapektuhan?

Nalalapat ang pagbabagong ito sa lahat ng permanenteng residenteng nasa economic class, kasama ang pangunahing aplikante at kanyang mga kasamang asawa/kapareha at dependent (na dumating sa Canada bilang bahagi ng parehong yunit ng pamilya at nasa ilalim ng parehong aplikasyon para sa permanenteng paninirahan).

Kasama sa mga imigranteng nasa economic class ang mga taong dumating sa pamamagitan ng Mabilisang Pagpasok, Programa ng Panlalawigang Nominado (Provincial Nominee Program o PNP), mga programang may kaugnayan sa trabaho (gaya ng Pilot ng Mga Pathway sa Pang-ekonomiyang Mobility, mga programa para sa tagapangalaga, mga programa para sa namumuhunan o negosyo, mga programa para sa panrehiyong trabaho, atbp.) o iba pang katulad na programa o pilot.

Hindi malalapat ang mga pagbabago sa mga imigranteng nasa family class (mga sino-sponsor na miyembro ng pamilya), refugee, o iba pang kliyente ng Programa para sa Paninirahan.

## Ano ang susunod na mangyayari?

Puwedengipagbigay-alam saiyong mga organisasyon ng tagapagbigay ng serbisyo ng paninirahan kung natapos na ang iyong pagiging kwalipikado at mare-refer ka nila sa iba pang serbisyo o organisasyon na posibleng makatugon sa iyong mga pangangailangan.